Internews

Patnubay: Pag-uulat tungkol sa mga grupo ng mga tao na madaling maapektuhan

Mga LGBTQ+

Alam nating walang pinipili ang COVID-19. Gayunpaman, maaaring mas malaki ang posibilidad ng ilang tao na mahawa ng virus, magkaroon ng malubhang karamdaman, o maranasan ang epekto ng pandemya sa lipunan at ekonomiya dahil sa mga kasalukuyang kalagayan. Bilang mga mamamahayag, mahalagang tiyakin na tunay na ipinapakita ng ating pag-uulat ang mga komunidad kung saan tayo nakatira. Kailangan nating ikonsidera ang iba't ibang impormasyong maaaring kailangan ng mga tao sa ating komunidad, at siguraduhing ibinibilang sa ating pag-uulat ang saloobin ng lahat.

Walang maliligtas sa pandemya hangga't hindi tayo ligtas lahat, kaya naman napakahalaga ng ingklusyon sa panahon ng krisis na ito. Kaugnay nito, dapat isulong sa lahat ng pagkakataon ang pag-uulat tungkol sa iba't ibang bahagi ng lipunan. Bagaman nahaharap ang mga lesbian, gay, bisexual, transgender, o queer (LGBTQ+) na tao sa maraming hamon na dala ng COVID-19 na katulad ng kinakaharap ng ibang tao sa komunidad, maaari din silang makaranas ng mga epekto ng pandemya bilang resulta ng diskriminasyon, hindi pagkakapantay-pantay, at iba pang kaibhan na nauugnay sa kanilang katayuan bilang LGBTQ.

Kabilang sa mga ito ang mga sumusunod, ngunit hindi kumpleto ang listahang ito:

- **Mga matagal nang pangangailangan para sa kalusugan:**

Mas malaki ang posibilidad ng ilang LGBTQ+ na makaranas ng malalalang epekto sa kalusugan kapag nahawa sila ng COVID-19 dahil sa mga matagal nang hindi pagkakapantay-pantay. Kabilang sa mga hindi pagkakapantay-pantay na ito ang mga hadlang sa lipunan, na maaaring maging sanhi ng pagtangging magpatingin o magpagamot (lalo na kapag hindi agarang kinakailangan ang pangangalaga o regular o pang-iwas lang ito) na puwedeng mauwi sa pagkakaroon ng mas malalalang problema sa kalusugan sa paglipas ng panahon; mga hadlang sa pananalapi, kasama ang napakalaking bilang ng walang trabaho at/o kawalan ng may bayad na sick leave; at mga matagal nang kondisyon sa kalusugan na maaaring nakakapagpahina sa immune system.

Bukod pa rito, nalalagay sa panganib ang mga LGBTQ+ kapag may mga ipinapatupad na patakaran sa physical distancing dahil sa mas mataas na bilang ng may depresyon at nagpapatiwakal. Maaaring tumindi ang panganib na ito bunga ng lalong pagbubukod mula sa iba at biglaang pagkawala ng suporta mula sa komunidad o propesyonal at mga lugar kung saan puwede silang maging sarili nila.

- **Paninisi:**

Maaaring ibukod ang mga grupong madaling atakihin at sisihin sila sa pagpapalaganap ng virus. Halimbawa, nasaksihan natin sa South Korea kung paano sinisi ang mga gay sa ikalawang wave ng mga impeksyon ng COVID-19. Nangyari ang mga impeksyon pagkatapos luwagan ang mga paghihigpit sa unang bahagi ng Mayo, at na-trace ang mga ito sa mga nightclub sa Itaewon sa Seoul, na kilalang lugar ng pagtitipon ng mga gay.

- **Kakayahang magpatingin o magpagamot:**

Nahaharap na ang mga LGBTQ+ sa mga hamon sa pagkuha ng pangangalagang pangkalusugan na naaangkop sa kanilang kultura at ingklusibo. Ngayong may COVID-19 at maaaring hirap ang ilang sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa pagtugon sa mga pangangailangan, lumalaki ang posibilidad na mahirapan ang mga tao na makapagpagamot gaya ng kinakailangan nila.

Maaaring magpasya, nang sinasadya o hindi sinasadya, ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na hindi magkaloob o ipagpaliban ang pagkakaloob ng panggagamot batay sa katayuan bilang LGBTQ+ ng mga tao. Ito ay maaaring dahil sa mga hindi makatuwirang palagay, hindi sinasadyang pagkiling, o hindi pagsasaalang-alang o hindi pagkakaunawa sa mga partikular na pangangailangan para sa kalusugan ng mga partikular na grupo ng mga taong LGBTQ+. Sa takot na madiskrimina, maaari ding hindi magbigay ang ilang indibidwal ng impormasyon para sa pag-trace sa mga nakasalamuha sa pangambang mabubunyag ang kanilang seksuwalidad o mga relasyon.

Lumalala ang hindi magagandang epekto sa kalusugan para sa mga LGBTQ+ dahil sa mga batas na nagtuturing na krimen ang mga relasyon sa pagitan ng mga taong may parehong biyolohikal na kasarian o nagpupuntirya sa mga taong transgender o transsexual dahil sa kanilang kinikilalang kasarian o ipinapahayag na kasarian. Kaugnay nito, maaaring hindi magpasuri o magpagamot ang mga tao para sa COVID-19 sa pangambang aarestuhin sila o makakaranas sila ng karahasan. Gaya ng nangyayari sa maraming grupong madaling maapektuhan, maaaring magkaroon ng malaking bilang ng mga taong may impeksyon sa grupong iyon kung hindi magpapasuri ang mga tao.

Sa mga sitwasyon kung saan sobra-sobra ang tinutugunan ng mga sistemang pangkalusugan kaysa sa karaniwang kapasidad ng mga ito, maaaring maantala ang mga gamutan gaya ng mga antiretroviral, hormone treatment, at prosesong nagpapatibay sa kasarian, pagsusuri para sa STI at virus sa dugo at iba pang likido sa katawan, mga operasyon, o kawalan ng suporta pagkatapos ng operasyon. Maaaring itinuturing ng medikal na komunidad na ‘hindi kinakailangan’ ang mga prosesong ito, ngunit kadalasang itinatakda ang klasipikasyong ito nang hindi kinukuha ang saloobin ng komunidad ng mga transgender at/o pinopolitika ito para sadyang hindi ipagkaloob sa komunidad ang mga prosesong ito.

- **Kakayahang kumuha ng mga serbisyong panlipunan:**

Kadalasang mas malaki ang posibilidad ng mga kabataang LGBTQ+ na mawalan ng tirahan dahil sa hindi pagtanggap sa kanila sa tahanan ng kanilang pamilya. Sa pagpapatupad ng lockdown, maaaring lumaki ang posibilidad na makaranas sila ng karahasan sa tahanan. May malalaking balakid din silang kinakaharap sa pagkuha ng mga serbisyo para sa karahasan sa tahanan. Halimbawa, maaaring hindi pagkalooban ng mga serbisyo ang mga bakla at bisexual na lalaki at mga taong trans at may kasariang iba sa nakagawian na mga biktima ng karahasan sa tahanan.

Maaari pang lalong lumala ang kombinasyong ito ng mga epekto at kahihinatnan para sa mga taong may mga karagdagang pangangailangan batay sa iba pang katangian, gaya ng kapansanan o edad. Maraming LGBTQ+ ang maaari ding makaranas ng malulubhang hindi pagkakapantay-pantay sa kabuhayan kumpara sa kanilang mga kasamahang hindi LGBTQ+, na nangangahulugang mas madalas silang kukulangin ng mga mapagkukunan na kailangan nila para sa patuloy na pamumuhay habang may krisis na dala ng COVID-19.

Paano ko malalaman kung anong impormasyon ang maaaring kailangan ng mga tao?

Simple lang ang sagot—magtanong! Kailangang magsimula ng lahat ng de-kalidad na pag-uulat sa mga saloobin at opinyon ng komunidad na tinatalakay mo. Kung ngayon ka lang mag-uulat tungkol sa isyung ito, mainam na simulan ito sa pakikipag-ugnayan sa isang organisasyong LGBTQ+ sa iyong komunidad.

Mahalagang isaalang-alang ang mga kinakailangang impormasyon ng mga LGBTQ+ sa pandemyang ito, pati na ang impormasyong maaari mong ibigay sa mas malawak na komunidad tungkol sa mga LGBTQ+ para malabanan ang mga hindi makatuwirang palagay at stigma at mahikayat ang komunidad na magkaisa.

Bagaman mabibigyan ka ng mga organisasyong ito ng magandang introduksyon sa ilan sa mga isyung nakakaapekto sa mga LGBTQ+, tandaang binubuo ang bawat komunidad ng mga indibidwal na may iba't ibang karanasan. Mahalagang huwag gawing pangkalahatan ang iyong ulat at iwasang sabihin na may kinakaharap na mga partikular na hamon o may partikular na nararamdaman ang *lahat* ng LGBTQ+. Gayundin, maaaring lubhang naiiba ang mga isyung nakakaapekto sa mga LGBTQ+ sa iyong lungsod sa mga nararanasan ng iba sa ibang lugar sa loob o labas ng iyong bansa.

Kung isa kang editor o manager, puwede ka ring gumawa ng malaking kontribusyon sa pag-uulat ng iyong team sa mga isyung ito. Isa sa malalaking hakbang na maaaring gawin para maunawaan nang mas mabuti ang mga isyu ng LGBTQ+ ang pagtitiyak na may iba't ibang uri ng tao sa newsroom. Siyempre, mahalagang iwasang italaga ang mga mamamahayag na mag-ulat ng mga kuwentong tungkol sa LGBTQ+ lang dahil lang ganoon din sila. Maaari mo ring pag-isipang makipagtulungan sa isang lokal na organisasyong LGBTQ+ para gumawa ng mga gabay sa pag-uulat kung saan titipunin ang mga sanggunian at para magkasundo sa mga terminong ingklusibo at nagbibigay-galang. Isang magandang halimbawa ang GLAAD Media Reference Guide.

Magsimula sa maayos na pananaliksik

Kapag nag-uulat ka tungkol sa anumang bagong paksa, mahalagang tiyakin na nauunawaan mo ang mga konsepto at terminong ginagamit. Magsimula sa maayos na pananaliksik.

Kung mag-iinterbyu ka ng isang indibidwal: Magsagawa ng paunang interbyu. Depende sa kuwento, maaaring simple lang o masusi ito, na gagawin sa mismong araw ng interbyu o bago pa ito. Gayunpaman, karaniwang binubuo ang paunang interbyu ng pagpapaalam sa iyong bisita ng format ng interbyu, pagsusuri sa impormasyon, paglalahad sa mga usaping tatalakayin, pag-uusap kung paano niya gustong maipakilala, at pagtatanong kung may anumang paksa na hindi siya komportableng pag-usapan.

Ang mas malaking sitwasyon: Siguraduhing alamin ang mga batas sa bansa kung saan ka nag-uulat. Lubhang magkakaiba ang mga karapatan ng LGBTQ+ sa iba't ibang panig ng mundo. Sa Netherlands, noong 2001 pa legal ang pagpapakasal ng mga taong may parehong biyolohikal na kasarian. Sa Iran, maaaring mahatulan ng parusang kamatayan ang mga LGBTQ+. Bagaman labag sa batas ang diskriminasyon sa maraming bansa, hindi ito nangangahulugan na walang social stigma at mga ipinagbabawal ng lipunan. Maaaring magkaroon ang mga gawi ito na ayon sa kultura ng malaking epekto sa kalidad ng buhay ng mga LGBTQ+, maging sa mga estado kung saan maluwag ang mga batas. Ito ang katayuan ng mga karapatan ng LGBTI sa iba't ibang panig ng mundo noong 2018.

Bukod pa sa paghingi ng pahintulot mula sa indibidwal, bilang mamamahayag, mahalaga rin na naiintindihan at isinasaalang-alang mo nang mabuti ang mga puwedeng maging epekto sa indibidwal sa usapin ng mga batas at kanyang lipunan kung lalabas siya at ang kanyang seksuwalidad sa istorya. Hindi ito nangangahulugan na hindi mo dapat iulat ang istorya, ngunit mainam na mag-isip na magsagawa ng mga pag-iingat gaya ng pag-aalis o pagbabago sa nakakapagpakilalang impormasyon (gaya ng pangalan, trabaho, o lokasyon) kung malaki ang posibilidad na malagay sa panganib ang tao kung makikilala siya. Nakadepende ito sa sitwasyon at kung gaano ito kaligtas para sa paksa ng iyong istorya.

Makakapagdala ng pagbabago sa mga nakasanayan sa lipunan ang mga istorya ng media tungkol sa mga pangkat ng minorya at maitutuon din ng mga ito ang pansin sa mga bagay na nangangailangan ng reporma at pamamagitan. Mainam gamitin ang gabay ng Internews na ito para malaman kung paano makakatulong ang media sa pagbabago sa mga gawi at saloobin sa lipunan.

Mahalaga ang mga salita

Siguraduhing naiintindihan mo ang epekto ng mga pinipili mong salita. Maaaring mapandiskrimina o nakakasakit ang ilang terminong karaniwang ginagamit para tukuyin ang mga LGBTQ+ sa iyong komunidad. Makipag-usap sa iyong editor para matiyak na regular na ina-update ang gabay sa estilo ng newsroom upang masigurong gumagamit ang mga mamamahayag ng mga salitang hindi nandidiskrimina ng kahit na sino sa komunidad batay sa kanilang seksuwalidad, relihiyon, kakayahan, o etnisidad.

Magandang pagkakataon din ang paunang interbyu para kumpirmahin kung paano ipapakilala ang iyong bisita ayon sa kagustuhan niya. Malaki ang posibilidad na naggugol ang iyong iinterbyuhin ng maraming oras at enerhiya sa pag-iisip kung paano niyang gustong matalakay ang kanyang kasarian o seksuwal na oryentasyon (kung gusto niya man). Ipagpalagay na ang taong kausap mo ay may kadalubhasaan para tukuyin ang kanyang pagkakakilanlan. Iwasang magsabi ng mga bagay na gaya ng “ito ang ginagamit niyang pangalan”, “ganito ang gusto niyang itawag sa kanya” o “ganito ang tawag niya sa kanyang sarili.” Kapag ganito ang pagkakasabi, para mong pinagdududahan ang pagkakakilanlan ng tao. Kaugnay rin nito, kung malinaw na sasabihin ng isang tao na bisexual siya, halimbawa, huwag siyang tawaging gay, lesbian, o straight.

Kapag nag-uulat tungkol sa mga pamilyang LGBTQ+, mahalagang pakitunguhan ang mga pamilya, magulang, at bata nang may dignidad at respeto. Huwag maglagay ng mga panipi sa paligid ng mga paglalarawan gaya ng pamilya, mga magulang, mga ina, o mga ama. Kadalasang ginagamit ang mga ganitong taktika ng mga grupong kontra sa LGBTQ+ para siraan, pabulaanan, at maliitin ang mga pamilyang nagmamahalan.

Mag-ingat sa ‘balanse’

Mahalagang tukuyin ng mga mamamahayag ang kaibhan ng mga pananaw na hindi sang-ayon sa mga isyu sa LGBTQ+ at ng mga ideya at opinyon na hindi makatuwiran at nandidiskrimina. Bagaman maaaring interesanteng ibalita ang mga komentong mapanirang-puri, hindi dapat gamitin ang mga ito para lang magkaroon ng "balanse" sa balita.

Isa pang dapat isaalang-alang ang pagpapakita mo sa mga LGBTQ+. Tiyaking naglalaman ang iyong mga istorya ng pasilip sa iba't ibang karanasan ng mga tao, at hindi lang ng kanilang mga kahinaan o ‘pagkakaiba’.

May kaugnayan ba ito?

Pag-isipan nang mabuti bago banggitin ang seksuwalidad ng isang tao o tukuyin ang mga komunidad o lugar ng komunidad ng mga LGBTQ+ sa iyong ulat. Kadalasan, walang kaugnayan sa istorya ang kanilang seksuwalidad o kasarian.

Isipin ang maaaring maging epekto kapag may binanggit kang partikular na grupong madaling maapektuhan sa iyong ulat. Tanungin ang iyong sarili—lalo ko bang sinusuportahan ang diskriminasyon o mga nakakasirang stereotype o tumutulong ba ako para maunawaan ito nang mas mabuti ng ating komunidad?

Ito ang payo ng The Association of LGBTQ+ Journalists:

Mga dahilan para magtanong:

- Nagdaragdag ito ng konteksto sa istorya. Iniinterbyu mo ba ang taong iyon dahil LGBTQ+ siya? Kung gayon, magalang na itanong kung paano niya gustong maipakilala.
- Mahalaga ito para sa istorya. Magmumukha bang may kulang kung hindi mo ito babanggitin? Halimbawa, kung nagbabalita ka tungkol sa pagpapakasal ng mga taong may parehong biyolohikal na kasarian o mga batas laban sa diskriminasyon, mainam na isama na maaapektuhan o puwedeng maapektuhan mismo ang taong iyon ng mga pangyayari.
- Kung mahalaga ito para sa istorya, ano ang motibo mo sa pagtatanong? Sinusubukan mo bang maglagay ng iba't ibang kinatawan ng mga tao sa iyong istorya o ipakita kung paano maaaring maapektuhan sa iba't ibang paraan ang iba't ibang grupo ng mga tao?

Mga dahilan para iwasang magtanong o magsama:

- Makakasama ito sa paksa.
- Para lang ito gawing interesante o kapansin-pansin ang istorya.
- Isasama mo ba ang impormasyon kung heterosexual ang paksa? Kung oo, isama ito para sa taong LGBTQ+. Kung hindi, isipin kung bakit mo ito gustong isama—kailangang may kaugnayan ito.

Pagkilos nang hindi ibinibigay ang pagkakakilanlan

Mainam na pag-isipang baguhin ang mga pangalan ng mga taong dinulugan, at/o alukin ang iyong mga paksa na manatiling anonymous sa iyong ulat lalo na sa mga bansa kung saan maaaring makaranas ang mga LGBTQ+ ng malalang stigma, at/o maging pag-uusig para sa krimen sa pagkakaroon nila ng relasyon sa kapareho ng biyolohikal na kasarian.

Tandaan na kung sasang-ayon kang baguhin ang pangalan ng iyong paksa at/o protektahan ang kanyang pagkakakilanlan, dapat ka ring mag-ingat na hindi magsama ng anupamang "nakakapagpakilalang impormasyon" bilang bahagi ng iyong ulat, gaya ng litrato kung saan malinaw na makikita ang kanyang mukha, pangalan ng kalye kung saan siya nakatira, pangalan ng kanyang employer (lalo na kung nagtatrabaho siya sa isang maliit na negosyo o organisasyon), mga partikular na detalye tungkol sa kanyang gawain sa araw-araw, atbp.

Mga Ideya para sa Istorya

Maaaring nag-uulat ka mula sa isang bansa kung saan limitado ang puwede mong isulat tungkol sa komunidad ng mga LGBTQ+ dahil sa mga batas o ipinagbabawal ng lipunan. Maaari itong maparaanan sa pamamagitan ng paglalarawan sa mga karanasan ng mga LGBTQ+ sa ibang bansa. Kung magsusulat ka nang may layunin at pag-iingat, marami pa ring mapupulot dito ang iyong mga tagasubaybay at puwede nitong mapalakas ang kanilang loob na isipin at ihambing ang lokal na sitwasyon.

Halimbawa, ipinapahiwatig sa istoryang ito mula sa South Korea ang mga problema na maaari ding makita sa iba pang bansa at nagbibigay ito ng mga ideya para mabawasan ang panganib para sa komunidad ng mga queer, gaya ng nakasaad dito:

> *"Inaalertuhan ang publiko ng programa sa pagbabantay para sa coronavirus ng South Korea tungkol sa mga bagong paglaganap ng sakit, ngunit apektado nito ang mga komunidad na nasa bingit ng lipunan na umaasa sa kompidensyalidad at privacy. Nagsasagawa ng survey ang isang koalisyon ng 23 grupo na tinatawag na "Queer Action Against COVID-19" para malaman kung gaano kalaganap ang mga problemang ito, sa pag-asang makakahanap ng mga mabisang paraan para maprotektahan ang kalusugan ng publiko habang nirerespeto rin ang privacy ng mga komunidad ng mga queer at iba pang grupo ng mga tao na madaling maapektuhan sa Korea."*

Higit pang ideya para sa istorya:

- Mayroon bang anumang espesyal na inisyatiba o pagsisikap na ginagawa para turuan o bigyan ng kaalaman ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagtugon sa mga kagyat na pangangailangan ng mga LGBTQ+ sa panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19? Maaari itong tumuon sa mga serbisyo para sa kalusugan ng pangangatawan at isipan.

- Kung isasaalang-alang ang dagok ng pandemyang dulot ng COVID-19, paano nasisiguro ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na patuloy na naipagkakaloob ang mahahalagang gamutan gaya ng mga antiretroviral, hormone treatment, pagsusuri para sa STI at virus sa dugo at iba pang likido ng katawan, mga operasyon para sa pagbabago ng biyolohikal na kasarian o pagpapatibay sa kasarian, at/o suporta pagkatapos ng operasyon?

- Kumusta ang mga negosyong pinapatakbo ng mga LGBTQ+ at/o ang mga empleyadong LGBTQ+ sa panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19? Sa ilang lugar gaya sa Amerika, 40% ng mga LGBTQ+ ang nagtatrabaho sa mga industriya ng restoran at pagkain, hospitalidad, edukasyon, at retail—mga industriyang lubhang naapektuhan ng mga paghihigpit dahil sa COVID-19. Sa Asya, maraming *waria* na nagtatrabaho sa industriya ng pagpapaganda sa Indonesia, sa pagtatanghal kumikita ang *mga ladyboy* sa Thailand, at nakasalalay ang kabuhayan ng *hijra* sa India sa mga kaloob, pagsasagawa ng mga ritwal, o sex work. Sa iba pang lugar, maaaring mas malaki ang posibilidad ng mga LGBTQ+ na mawalan ng tirahan o makaranas ng iba pang hindi magandang kondisyon na lumala dahil sa krisis.

Mga Ideya para sa Istorya

- May mga grupo ba na hindi nagpapatingin o nagpapagamot dahil sa pangamba na madidiskrimina o ituturing silang kriminal? Ano ang magagawa ng mga nagkakaloob ng mga serbisyong pangkalusugan para mapagaan ang isyung ito? Puwedeng mga pagbabago sa mga kasanayan sa mga klinika, o ang mga nagkakaloob ng mga serbisyong pangkalusugan ang bibisita sa pasyente sa kanyang tahanan o sa lugar kung saan ligtas siya.

- Suriin ang estadistika sa iyong bansa. Ano ang estadistika sa mga LGBTQ+? Mahihikayat ba ang mga mambabatas na gumawa ng mga pagbabago kapag naging mas malinaw ang laki ng komunidad?

- Ano ang mga solusyon ng komunidad para sa mga isyung ito? Kapag nararamdaman ng mga tao na hindi sila makakakuha ng mga serbisyo ng pamahalaan gaya ng pangangalagang pangkalusugan o suporta sa pabahay, kadalasang dumudulog ang mga grupong ito sa sarili nilang komunidad para humingi ng suporta. Mayroon bang mga halimbawa sa inyong lugar kung saan nagmumula mismo sa komunidad ang mga ideya para sa reporma o mga solusyon para sa mga isyu?